
# Ano ang pang-aabusong sekswal sa mga bata?



Ang pang-aabusong sekswal sa mga bata (Child Sexual Abuse o CSA) ay kahit anong aktibidad na sekswal na ginagawa sa isang bata na hindi pa nasa tamang edad ng pahintulot. (Craig 2021).

*May dalawang uri ng pang-aabusong sekswal ng mga bata, at ito ang paghawak o contact abuse, gaya ng pagpasok ng ari, at walang paghawak o non-contact abuse, gaya ng paninilip.*




## walang paghawak

- Pagpapakita ng ari sa mga bata
- Pamboboso, paninilip o pagkakaroon ng sekswal na kaligayahan sa panonood ng bata
- Pagpapakita ng pornograpiya sa mga bata
- Pagsasalita sa mga bata ng may malisya o sekswal na pananalita
- Pagtawag sa telepono sa bata para sa mga usaping sekswal
- Cybersex o sekswal na aktibidad online kasama ang bata
- Pag-anyaya sa bata na manood o makinig sa aktibidad na sekswal



## may paghawak

- Paghalik sa maseselang bahagi ng katawan ng bata
- Paghawak sa maseselang bahagi ng katawan ng bata
- Panggagahasa o pananakit sa bata ng sekswal na paraan
- Oral sex o pagpapasubo ng ari sa bata
- Pakikipagtalik o pagtatangkang makipagtalik sa bata

***Tandaan, kahit biro o hindi sinasadya, nakakasama pa rin sa bata ang mga ganitong aksyon. Kaya dapat laging mag-ingat sa pakikitungo sa mga bata.***

# Sino ang mga gumagawa o posibleng gumawa ng CSA?

Ang gumagawa ng CSA ay pwedeng kahit sino. Lahat ng tao ay may kakayahang gumawa ng mabuti, pero may kakayahan din silang gumawa ng masama. Kaya sino nga ba ang mga gumagawa nito?

- ✓ Miyembro ng pamilya
- ✓ Taong malapit sa bata
- ✓ Lahat ng kasarian (lalaki, babae, o iba pa)
- ✓ Mga bata (minors) at matatanda
- ✓ Mga taong naging biktima rin ng CSA noon

# Paano natin matutulungan ang mga bata?



### 1 Magtayo ng matibay na relasyon at tiwala sa iyong anak.

Kapag pinagkakatiwalaan ka ng iyong anak, mas madali silang magiging matapat sa mga nararamdaman nila at mas makikita ka nila bilang isang ligtas na taong pwede nilang lapitan.

### 2 Paniwalaan mo ang bata.

Kapag sila ay natatakot o nasasaktan, at ikaw ang nilapitan nila, huwag mo silang itaboy. Panindigan mong ikaw ang kakampi nila.

### 3 Lagi bantayan ang mga bata.

Habang lumalaki, natututo silang maging independent sa maliliit na bagay, pero ikaw pa rin ang may responsibilidad na bantayan sila mula sa panganib.

### 4 Magpaliwanag at makipag-usap ng maayos.

Mas naiintindihan ng mga bata ang mga bagay kapag ito`y mahinahon at malinaw na ipinaliwanag. Turuan sila tungkol sa hangganan (boundaries), kung ano ang tamang paghawak, at kung sino ang mga taong mapagkakatiwalaan.

### 5 Maging alerto sa paligid.

Bilang matanda, tungkulin mong malaman ang mga nangyayari sa inyong komunidad, lalo na kung may balita tungkol sa kahina-hinalang tao, nawawalang bata, at iba pa.

### 6 Alamin ang background ng ibang tao.

Kung may taong gustong mapalapit sa iyo o sa anak mo, huwag mahiyang magsaliksik. Alamin kung mapagkakatiwalaan sila at kung totoo ba ang mga sinasabi nila.

### 7 Itago ang malaswang materyales sa mga bata.

Ang pagtuturo tungkol sa Child Sexual Abuse (CSA) ay para sa kaligtasan nila, hindi para bigyan sila ng access sa pornograpiya o malaswang palabas. Kung nakakakita sila dahil sa curiosity, kausapin sila ng maayos at ipaliwanag na hindi ito para sa bata.

**Tandaan!**
Turuan ang mga bata na magsabi ng magsabi hanggang sa sila ay ligtas mula sa panganib.

## Paano tutulungan ang batang nagsumbong?

- ✓ Kontrolin ang emosyon at manatiling kalmado
- ✓ Kausapin ang bata
- ✓ Paniwalaan ang bata, huwag itanggi ang problema
- ✓ Huwag sisihin ang bata
- ✓ Bigyan ng kasiguruhan ang bata

# Bakit hindi nagsasabi ang mga bata tungkol sa nangyari o nangyayari sa kanila?



Maraming dahilan kung bakit hindi agad nagsasabi ang mga bata kung sila ay naabuso. Ito ay ilan:

### Takot silang masisi

*Maaaring natatakot ang bata na baka sabihin ng mga tao na sila ang may kasalanan o na gusto nila ang nangyari.*

*Madalas kasi mas pinaniniwalaan ng tao ang matanda kaysa sa bata.*

*Sinasabi rin minsan ng mga nananakit na "hiniling" daw ng bata ang nangyari, kahit na ang totoo ay humihingi lang sila ng pagmamahal at atensyon, hindi ng sekswal na bagay na hindi pa nila naiintindihan.*

*Tandaan na ang paghingi ng pagmamahal at atensyon ay hindi masama. Ito ay pangangailangan ng lahat ng bata, kaya hindi dapat sila sisihin dahil doon.*

### takot nilang alalahanin ang nangyari/ nangyayari

*Kapag isang bata ay na-abuso, madalas nilang sinusubukang kalimutan ang nangyari para hindi na masaktan muli.*

### takot silang mawalan ng pagmamahal ng pamilya at kaibigan

*Kapag inaabuso, madalas na pakiramdam ng bata ay "madumi" sila. Madalas nilang iniisip na kasalanan nila ang nangyari. Dahil dito, natatakot silang baka hindi na sila mahalin ng kanilang pamilya o kaibigan kapag nalaman ng mga ito ang totoo.*


### Takot silang makaramdam ng hiya

*Nararamdaman ng bata na mali ang nangyari o nangyayari na sekswal sa pagitan nila at ng matanda, kaya pag ito ay binigyang pansin, sila ay lubos na nahihiya. Ang mga nakakatandang bata ay nakakaranas ng mas mabigat na pakiramdam ng hiya o guilt.*

### takot sa mas malaking panganib

*Madalas tinatakot ng nananakit ang bata na sasaktan sila o ang kanilang pamilya kung magsusumbong sila. Kaya pinipili ng mga bata na manahimik para "protektahan" ang pamilya nila o ang kanilang sarili.*





***Ang reaksyon natin kapag may sinabi ang bata ay napakahalaga. Ito ang makakaapekto sa kanilang pagproseso ng nangyari. Kaya't protektahan natin ang mga bata hangga't sa ating makakaya mula sa anumang karagdagang sakit.***

## Question of the Day:



**Kailan kayo huling nag-usap ng seryoso ng anak mo?**




**SOURCES:**
My Children's House of Hope. (2023). Huwag magsikreto.
Center for the Prevention and Treatment of Child Sexual Abuse (CPTCSA), Inc. [CPTCSA] & Obispado De Novaliches. (n.d.). MGA PATAKARAN SA PAGHAWAK.

# Mga Patakaran sa Paghawak

*(mula sa CPTCSA)*



## 1st Rule



Hindi dapat hawakan ng sino man ang maseselang bahagi ng katawan ng isang bata. maliban kung ito ay para sa kalinisan o kalusugan. Kahit na pabiro. hindi dapat pinapalampas ang mga pag hawak sa pribadong parte ng katawan ng bata.

## 2nd Rule

Laging sabihan ang bata kapag siya ay hahawakan at tanungin kung maaari ba siyang hawakan. kahit na simpleng paghawak lang ang iyong gagawin tulad ng pag yakap o pag hawak ng kamay.



## 3rd Rule



Kapag nagsabi ang bata ng "huwag", "ayoko", o "hindi," o nagpapakita ito ng pagkailang o hindi na ito komportable sa paghawak. huwag pipilitin ang bata lalo na kung hindi ito para sa kalinisan o kalusugan.

## Kantahin upang maalala!

Ito ang mga taong maaaring lapitan ng bata kapag sila ay nasa panganib o natatakot o hindi komportable!



**Head (Ulo)**
Mga Magulang (Nanay, Tatay), Mga Kapatid (Ate/Kuya)

**Shoulders (balikat)**
Mga Lolo at Lola, Tita, Tito, Mga Pinsan, Mga Kaibigan, Mga Kapitbahay

**Knees (tuhod)**
Principal, Mga Guro, Mga Kaklase

**Toes (Paa)**
Mga Opisyal ng Barangay, Pulis, Mga matatanda sa paligid tulad ng Tindera, Guard, at iba pa

## Iba-iba ang paraan ng bata sa pagsabi ng kanilang karanasan sa sekswal na pangaabuso.



**May mga bata na:**

- ✓ nagsasabing "huwag mong sasabihin sa iba" o "huwag kang gumawa ng kahit ano" bago sila magkuwento.
- ✓ nagkukuwento na parang tungkol lang sa kaibigan ang nangyari sakanila.
- ✓ nagsasabi nang direkta
- ✓ hindi nagsasabi pero makikita sa kilos o ugali nila na may problema

**Tandaan!**
*Kailangan pa rin ng tulong ng mga bata kahit nagsasabi sila ng totoo o hindi.*

## EMERGENCY HOTLINES

| | |
|---|---|
| **BANTAY BATA**<br>*for parents & children with domestic violence sissues, CSA, and other child related Concerns* | (02) 163 (landline) |
| **RAPHA HELPLINE**<br>*Launched by Center for the Prevention & Treatmenr of CSA (CPTCSA) to offer care & support to those in need of emotional assistance & guidance* | 0977-652-0230 (Globe)<br>0961-718-2654 (Viber: Mon)<br>0961-718-2655 (Viber: Tues & Thurs)<br>0961-718-2658 (Viber: Wed & Sat) |
| **DSWD HOTLINE**<br>*The Department of Social Welfare and Development are available through Mon-Sun at 8am - 4pm* | 0943-464-8026 (Smart)<br>0995-715-3926 (Globe) |
| **BAHAY BATA 127** | 0917 836 1401 |
| **CPTCSA**<br>*If you want to report an incident, you can contact the Center for the Prevention & Treatment of Child Sexual Abuse* | (632) 8985-0234 |


**SOURCES:**

Center for the Prevention and Treatment of Child Sexual Abuse (CPTCSA), Inc. [CPTCSA] & Obispado De Novaliches. (n.d.). MGA PATAKARAN SA PAGHAWAK.

My Children's House of Hope. (2023). Huwag magsikreto.